

COUNCIL/ADMINISTRATIVE POLICY

Subject: Residential Water Service Discontinuation for Nonpayment of a Delinquent Account	Policy No: 10-24	Date: November 12, 2019
	Resolution No.: 2019-133	Page 1

1. LAYUNIN

Layunin ng patakarang ito na magtatag ng mga patnubay para sa diskoneksyon ng tubig sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad ng delingkuwenteng account.

2. PATAKARAN

2.1 Kakayahang magamit

Ang Patakarang ito ay inilalaan upang sundin ang Senate Bill No. 998 (“SB998”), Diskoneksyon ng serbisyo sa tubig ng residensyal. Ang SB998 ay inaprubahan noong Sityembre 28, 2018, na nagkaroon ng bisa noong Pebrero 1, 2020 at binalangkas ang mga kinakailangan para sa diskoneksyon ng serbisyo sa tubig sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad ng delingkuwenteng account.

3. MGA KINAKAILANGAN

3.1 Patakarang

Magkakaroon ng Lungsod ng nasusulat na patakarang sa diskoneksyon ng serbisyo sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad na makukuha sa Ingles, sa mga wikang nalista sa Seksyon 1632 ng Kodigo Sibil, at alinmang iba pang wikang sinasalita nang kahit 10 porsiyento lang ng mga taong nakatira sa lugar na siniserbisuhan nito. Makukuha ng Patakarang ito sa internet website ng Lungsod. Kabilang sa Patakarang ang lahat ng sumusunod:

3.1.1 Plano para sa ipinagpaliban o binawang kabayaran

3.1.1.1 Maaaring mag-alok ang Direktor ng Pananalapi at Mga Sistema ng Impormasyon na pahabain ang takdang oras ng pagbabayad para sa customer na pasalitang nangakong magbabayad. Ang pagpapahaba ang pagbabayad ay hindi lalampas sa kasalukuyang takdang petsa ng pagbabayad sa billing statement. (Tingnan din ang Brentwood Municipal Code (“BMC”) seksyon 3.26.310.

3.1.2 Mga iskedyul ng alternatibong pagbabayad

3.1.2.1 Maaaring mag-alok ang Direktor ng Pananalapi at Mga Sistema ng Impormasyon ng alternatibong iskedyul o kaayusan ng buwang pagbabayad (Tingnan din ang BMC 3.26.130 at 3.26.310).

3.1.3 Pormal na pamamaraan para makipaglaban o umapela sa bill

3.1.3.1 Maaaring ipaglaban ng customer ang bill sa pamamagitan ng sumusunod na mga pamamaraan na matatagpuan sa BMC seksyon 3.26.170.

3.1.4 Numero ng telepono na tatawagan ng customer upang talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang diskoneksyon ng serbisyo sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad

3.1.4.1 Ang numero ng telepono ng Utility Billing ay naka-print sa papel ng

COUNCIL/ADMINISTRATIVE POLICY

Subject: Residential Water Service Discontinuation for Nonpayment of a Delinquent Account	Policy No: 10-24	Date: November 12, 2019
	Resolution No.: 2019-133	Page 2

pagbabayaran, kagandahang-loob na abiso, abiso ng pagputol, text message at pansabit sa pinto. Kapag isinagawa ang pakikipag-ugnayan sa Utility Billing sa pamamagitan ng pagpapadala ng mensahe sa telepono customer, ang numero ng Utility Billing ay ibibigay.

3.2 **Tagal ng Panahon ng Diskoneksyon at Abiso**

3.2.1 Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa residensiyal dahil sa hindi pagbabayad hanggang maging delingkuwente ang bayarin ng customer nang mga 60 araw man lang sa petsa ng pagsingil.

3.2.2 Kasunod ng hindi bababa sa pintong araw na may pasok sa opisina bago ang pagputol ng serbisyo ng tubig sa residensiyal dahil sa hindi pagbabayad, makikipag-ugnayan ang Lungsod sa customer sa account sa pamamagitan ng telepono o liham na abiso.

3.2.2.1 Kapag ang pakikipag-ugnayan sa customer na nakapangalan sa account ay isinagawa sa pamamagitan ng telepono, mag-aalok ang Lungsod sa pamamagitan ng pagbibigay ng liham sa customer sa Patakarang ng pagputol sa serbisyo ng residensiyal dahil sa hindi pagbabayad. Mag-aalok din ang Lungsod na talakayin sa customer ang mga opsyon para maiwasan ang pagkaputol tulad ng karagdagang tinalakay sa seksyon 3.1 ng Patakarang ito.

3.2.2.2 Kapag ang pakikipag-ugnayan sa customer na nakapangalan sa account ay isinagawa sa pamamagitan ng liham na abiso, ang nasusulat na abiso ng atrasadong pagbabayad at napipintong diskoneksyon ay ipapadala sa tirahan ng customer kung saan inilalaan ang serbisyo. Kapag ang adres ng customer ay hindi adres ng property na siniserbisuhan, ang abiso ay ipapadala sa adres ng property, na naka-adres sa “Nakatira”. Kabilang sa abiso ang:

- pangalan at adres ng customer
- halagang hindi nabayaran
- petsa kung saan ang pagbabayad o pagsasaayos para sa pagbabayad ay kinakailangan upang maiwasan ang pagkaputol ng serbisyo sa residensiyal
- Paglalarawan ng proseso upang ilapat sa pagpapahaba ng oras para bayaran ang mga singil sa delingkuwente
- Paglalarawan ng paraan ng petisyon para sa pagrepaso ng bill at apela
- Paglalarawan ng paraan kung saan maaaring humiling ang customer ng ipinagpaliban, binawasan, kahalili o iskedyul ng buwanang pagbabayad

3.2.2.3 Kung hindi matawagan ng Lungsod ang customer o ang adultong nakatira sa bahay sa pamamagitan ng telepono, at ang liham na abiso ay ibinalik sa pamamagitan liham bilang hindi naihatid, magsasagawa ang Lungsod sa kagandahang-loob na

COUNCIL/ADMINISTRATIVE POLICY

Subject: Residential Water Service Discontinuation for Nonpayment of a Delinquent Account	Policy No: 10-24	Date: November 12, 2019
	Resolution No.: 2019-133	Page 3

pagsisikap upang bisitahin ang tirahan at iwanan ng abiso ng napipintong pagputol sa serbisyo ng tubig sa residensiyal dahil sa hindi pagbabayad at ang Patakaran sa nakikitang lugar.

3.2.2.4 Kapag umapela sa bayarin sa tubig ang adulto sa tirahan sa Lungsod, hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo sa residensiyal habang nakabinbin ang apela. (Tingnan din ang BMC seksyon 3.26.170).

3.2.3 Hindi itutuloy ng Lungsod ang serbisyo sa residensiyal dahil sa hindi pagbabayad kung lahat ng sumusunod na kundisyon ay natugunan:

3.2.3.1 Nagsumite ang customer o nangungupahan ng customer ng sertipikasyon sa Lungsod ng “primary care provider”, katulad ng terminong iyon na tinukoy ng Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon 14088 (1) (A), na ang pagpuputol ng serbisyo ng tubig sa residensiyal ay nagbabanta sa buhay, o nagmumungkahi ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente sa lugar kung saan inilalaan ang serbisyo sa residensiyal.

3.2.3.2 Ang customer ay nagpapakita na wala siyang kakayahang pinansiyal para magbayad sa serbisyong residensiyal sa loob ng normal na siklo ng billing. Upang maging kwalipikado na walang kakayahang pinansiyal para magbayad sa serbisyong residensiyal sa loob ng normal na siklo ng billing, ang customer o ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer, ay dapat kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Dagdag na Kitang Panseguridad/Programang Dagdag na Bayad ng Estado, o Programang Espesyal na Dagdag na Nutrisyon ng California para sa Kababaihan, mga Sanggol, at mga Bata, o ipinahayag ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng antas ng kahirapan ng pederal.

3.2.3.3 Nakahanda ang customer na pumasok sa plano para sa pagpapaliban o binawasang pagbabayad (tingnan ang Patakaran sa seksyon 3.1.1) o isang alternatibo o kaayusan ng buwanang pagbabayad (tingnan ang Patakaran sa seksyon 3.1.2).

3.2.3.4 Kung matugunan ang seksyon ng Patakaran 3.2.3.1 sa pamamagitan ng 3.2.3.3, mag-aalok ng alternatibong plano sa pagbabayad and Lungsod alinsunod sa mga seksyon ng Patakaran 3.1.1 o 3.1.2, o bahagyang pagbawas (waiver sa huling pagbabayad) ng hindi bayad na balanseng pinondohan nang walang karagdagang mga singil sa ibang rate ng mga nagbabayad. Dapat pumili ang Lungsod ng pinakamainam na pagpipilian sa pagbabayad na isasagawa ng customer, at itatakda ang mga parametro ng pagpipilian sa pagbabayad na iyon.

3.2.4 Ang diskoneksyon ng serbisyo sa residensiyal ay hindi dapat mas maaga sa 5 araw ng negosyo pagkatapos magpaskil ang Lungsod ng panghuling abiso ng tangkang diskoneksyon sa serbisyo sa isang prominente at kitang-kitang lokasyon sa ari-arian ng customer sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na kondisyon:

COUNCIL/ADMINISTRATIVE POLICY

Subject: Residential Water Service Discontinuation for Nonpayment of a Delinquent Account	Policy No: 10-24	Date: November 12, 2019
	Resolution No.: 2019-133	Page 4

3.2.4.1 Hindi natupad ng customer ang kasunduan sa amortisasyon, iskedyul ng alternatibong pagbabayad, o ang pagpapaliban o pagbabawas sa plano ng pagbabayad para sa pagsingil sa delingkuwente para sa 60 araw o higit pa.

3.2.4.2 Ang customer, habang isinasagawa ang kasunduan sa amortisasyon, isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang pagpapaliban o pagbabawas sa plano ng pagbabayad para sa pagsingil sa delingkuwente, ay hindi binayaran ang kasalukuyang mga singil sa serbisyo sa residensiyal para sa 60 araw o higit pa.

3.3 Pagpapanumbalik ng Serbisyo sa Tubig pagkatapos ng Diskoneksyon

3.3.1 Kapag ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, magbibigay ang Lungsod ng impormasyon kung paano ibalik ang serbisyonang iyon. Hindi ibalik ang serbisyo hanggang mabayaran ang lahat ng kinakailangang singil sa delingkuwente at pagbabayad upang muling itatag ang serbisyo. Hihilingin sa customer na magbayad lamang gamit ang cash, cashier's check o money order (Tingnan din ang seksyon ng BMC 3.26.290)

3.3.1.1 Alinsunod sa Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng Estado (H&S Code) seksyon 116914 (a) (1), ang pagbabayad upang muling ikabit sa panahon ng normal na oras ng opisina (7:30 AM -2:30 PM) ay mas mababa sa of \$50 (at maaaring iakma kada taon alinsunod sa Kodigo ng H&S seksyon 116914 (a) (1)) o ang aktwal na halaga ng rekoneksyon tulad ng itinakda sa halaga ng plano ng alokasyon ng Lungsod.

- a. Ang pagbabayad sa rekoneksyon ay sasailalim sa taunang pagsasaayos simula Enero 1, 2021. Ang rate ng pagsasaayos ay nakabatay sa Consumer Price Index para sa San Francisco-Oakland-Hayward, rehiyon ng CA.

3.3.1.2 Kodigo ng H&S seksyon 116914 (1) ang bayarin sa muling pagpapakabit sa panahon na walang opisina (bago mag-7:30 AM at pagkatapos ng 2:30 PM), ay mas mababa sa \$150 (at maaaring iakma kada taon alinsunod sa Kodigo ng H&S seksyon 116914 (a) (1)) o ang aktwal na halaga ng rekoneksyon tulad ng itinakda sa halaga ng plano ng alokasyon ng Lungsod.

- a. Ang pagbabayad sa rekoneksyon ay sasailalim sa taunang pagsasaayos simula Enero 1, 2021. Ang rate ng pagsasaayos ay batay sa Consumer Price Index para sa San Francisco-Oakland-Hayward, rehiyon ng CA.

3.4 Diskoneksyon ng mga Serbisyo sa Tubig Kaugnayan ng May-ari at Nangungupahan

3.4.1 Kapag ang may-ari, manedyer, o operator ng tinitirahang istruktura na tinukoy sa Kodigo ng H&S seksyon 116916 (a) ay ang customer sa rekord, magsasagawa ng mabutong pagsisikap ang Lungsod upang ipaalam sa mga residenteng nakatira, sa pamamagitan ng liham na abiso, kapag ang account ay may natitirang bayarin at ang

COUNCIL/ADMINISTRATIVE POLICY

Subject: Residential Water Service Discontinuation for Nonpayment of a Delinquent Account	Policy No: 10-24	Date: November 12, 2019
	Resolution No.: 2019-133	Page 5

serbisyong iyon ay puputulin ng hindi bababa sa 10 araw bago ang pagpuputol. Higit na ipapaalam ng liham na abiso sa mga residenteng nakatira na may karapatan sila na maging mga customer, kung kanino ibi-bill ang serbisyo, na hindi kinakailangang bayaran ng anumang halaga ng pagbabayad sa delingkuwenteng account.

- 3.4.2 Hindi kinakailangang gawing available ng Lungsod ang serbisyo sa mga residenteng nakatira sa mga tinitirahang istruktura na tinukoy sa Kodigo ng H&S seksyon 116916 (a). maliban kung ang bawat residenteng nakatira ay sumang-ayon sa mga termino at kondisyon ng serbisyo, at nakatutugon sa mga kinakailangan ng batas at mga tuntunin at taripa ng Lungsod. Gayunpaman, kung ang isa o higit na mga residenteng nakatira ay handa at kayang gampanan ang mga responsibilidad para sa mga susunod na singilin sa account bilang pagsunod sa Lungsod, o mayroong pamamaraang pisikal na legal na magagamit sa pagpipiliang serbisyo ng pagputol sa Lungsod sa mga residenteng nakatira doon na hindi nakatutugon sa mga kinakailangang alituntunin at taripa ng Lungsod, gagawing available ng Lungsod ang serbisyo sa mga residenteng naninirahan doon na nakatutugon sa mga kinakailangang iyon.
- 3.4.3 Kung ang naunang serbisyo sa isang panahon ay kondisyon para sa pagtatatag ng kredito sa Lungsod, ang pagiging residente at patunay ng pagbabayad ng renta saa takdang oras o iba pang obligasyon sa kredito na tinatanggap ng Lungsod para sa panahong iyon ay sapat na katumbas.
- 3.4.4 Pinapayagan ng Kodigo ng H&S seksyon 116916 (e) ang sinumang residenteng nakatira na naging customer ng Lungsod alinsunod sa seksyong ito na ang pana-panahong pagbabayad, gaya ng pagbabayad sa renta, kabilang ang mga singil para sa serbisyo sa tubig ng residensyal, kung saan ang mga singil na iyon ay hindi hiwalay na nakasaad, upang ibawas mula sa pana-panahong pagbabayad kada panahon ng pagbabayad at lahat ng makatwirang singil na binayaran sa Lungsod para sa mga serbisyo sa panahon ng naunang pagbabayad. Hindi pananagutan ng Lungsod ang gayong mga pagbabawas at ang gayong mga pagbabawas ay mananatiling bagay sa pagitan ng residenteng nakatira at sa tao kung kanino isinagawa ang pinagbabatayang pagbabayad.
- 3.4.5 Sa kaso ng hiwalay na paninirahan ng solong pamilya, upang alisin ang halagang sisingilin sa delingkuwenteng account, maaaring kailanganin ng Lungsod sa nakatira na naging customer na beripikahing ang delingkuwenteng account sa rekord ng customer ay o ang may-ari, manedyer, o agent ng tinitirahan. Maaaring kabilang sa beripikasyon, ngunit hindi limitado sa, pagpapaupa o kasunduan sa pag-arkila, mga resibo sa renta, dokumento sa gobyerno na nagpapakitang ang nakatira ay umuupa sa ari-arian, o impormasyong ipinahayag alinsunod sa seksyon 1962 ng Kodigo Sibil.

3.5 **Taunang Pag-uulat**

- 3.5.1 Taunang mag-uulat ang Lungsod sa Internet Web ng Lungsod at sa State Water Resources Control Board, ang bilang ng diskoneksyon ng serbisyo sa residensiyal dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad.

COUNCIL/ADMINISTRATIVE POLICY

Subject: Residential Water Service Discontinuation for Nonpayment of a Delinquent Account	Policy No: 10-24	Date: November 12, 2019
	Resolution No.: 2019-133	Page 6

3.6 Pagkakaroon ng Kasarinlan

3.6.1 Ang mga titulo, sekson, subseksyon, talata, pangungusap, sugnay at mga parirala ng patakarang ito ay may kasarinlan. Kung ang alinman ay idineklarang hindi konstitusyonal, walang bisa o hindi maipatutupad ng korte, hindi maaapektuhan ng pagpapasiyang iyon ang mga natitirang probisyon.

3.7 'Di-awtorisadong Aksyon

3.7.1 Hindi ilalapat ang patakarang ito sa pagpuputol ng Lungsod sa koneksyon ng serbisyo dahil sa di-awtorisadong aksyon ng customer. (Tingnan din ang BMC seksyon 3.26.230).